Digital Health Record

Bagong digital na talaan ng kalusugan para sa sistema ng pampublikong kalusugan sa ACT

Simula sa ika-12 ng Nobyembre 2022, ang sistema ng pampublikong kalusugan sa ACT ay gagamit ng bagong Digital Health Record (DHR – Digital na Talaan ng Kalusugan).

Ang DHR ay isang bagong elektronikong sistema ng kalusugan na ligtas na mag-iimbak ng impormasyong pangkalusugan para sa mga pasyente na gumagamit ng alinman sa mga serbisyo ng pampublikong kalusugan sa ACT.

Ang iyong Digital na Talaan ng Kalusugan ay maaaring ma-access at magamit ng iyong pangkat ng pangkalusugang pangangalaga sa alinmang lokasyon ng serbisyo ng pampublikong kalusugan.

Kabilang dito ang sumusunod na mga serbisyo*:

- Canberra Hospital
- Calvary Public Hospital Bruce
- Centenary Hospital for Women and Children
- University of Canberra Hospital
- Mga Sentro ng Kalusugang Pangkomunidad
- Mga Sentrong Walk-in (Hindi kailangan ng appointment) sa ACT
- Clare Holland House

Kaya, saan ka man kukuha ng medikal na paggamot sa buong sistema ng pampublikong kalusugan sa ACT, may ligtas at may seguridad na pag-access sa iyong mga talaan ang iyong clinician – at mas maraming oras para magpokus sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga.

Karamihan ng impormasyong pangkalusugan na iimbakin sa Digital na Talaan ng Kalusugan ay kinokolekta na sa papel o sa kasalukuyang mga sistemang klinikal na IT.

Ligtas at may seguridad

Ang DHR ay nasa maraming mga sentro ng mga datos na may seguridad. Ang mga sentro ng mga datos na ito ay may matagal nang itinatag na mga kontrol sa seguridad na nakakapag-imbak ng mga sekretong datos ng Pamahalaang Pederal ng Australya.

Tandaang maging mapagpasensya at may magandang loob

Kung ikaw ay bibisita sa isang serbisyo ng pampublikong kalusugan mula sa kalagitnaan ng Nobyembre, maaaring mapansin mo ang kaunting pagkaantala habang ang mga kawanig nag-aalaga ng iyong kalusugan ay nasasanay sa paggamit ng bagong sistema – mangyaring maging mapagpasensya at may magandang loob sa aming mga kawani na nagtatrabahong mabuti, sa isang abalang kapaligiran.

Alamin ang higit pa sa
dhr.act.gov.au

** Hindi kasali sa DHR ang mga pasilidad ng pampribadong kalusugan*

Connecting Your Care.

Initiative of ACT Government

Filipino | Tagalog